9

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Katarungang Panlipunan
# Edukasyon sa Pagpapakatao 9

Fredalyn C. Valencia
***Manunulat***

Florentina D. Pedrigala
Verna Liza R. Ramoran
***Tagasuri***

**This is a Government Property. Not for Sale.**

## Inaasahan

Sa modyul na ito ay inaasahan na maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- Napatutunayan na may pananagutan ang bawat mamamayan na ibigay sa kapwa ang nararapat sa kanya;
- Nakababalikat ng mga pananagutan sa paggawa ng gampanin upang maisulong ang kabutihang panlahat;
- Natutugunan ang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon.

## Unang Pagsubok

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Bilugan titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng katarungan?
   A. Pagtrato sa tao bilang kapwa.
   B. Paggalang sa sarili
   C. Pagsunod sa batas
   D. Lahat ng nabanggit

2. Ano ang tamang pagpapatupad sa katarungan?
   A. Tumawid sa tamang tawiran
   B. Parusahan ang lumabag sa batas
   C. Patawarin ang humingi ng tawad
   D. Pagbibigay ng tamang sukli sa mamamili

3. Sino ang may tungkuling ipatupad ang batas?
   A. pulis
   B. pamahalaan
   C. mamamayan
   D. lahat ng nabanggit

4. Bakit kailangan ng mga batas?
   A. Upang parusahan ang mga nagkakamali
   B. Upang matakot ang mga tao at magtino sila
   C. Upang magabayan ang mga tao sa tamang pagkilos
   D. Lahat ng nabanggit



(This is a Government Property. Not For Sale.)

5. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita na umiiral ang katarungan?
   A. Pagbigay ng tamang halaga ng *Social Amelioration Program* (SAP)
   B. Sobrang pagtaas ng presyo ng *facemask*
   C. Paglabas ng edad 15 pababa sa panahon ng *General Community Quarantine* (GCQ)
   D. Maling pagbibigay ng impormasyon sa pagsagot sa *contract tracing form.*

6. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng katarungan?
   A. Paglabag sa *curfew*
   B. Pagsali sa *mass gathering*
   C. Pagsang-ayon sa mga *fixer* ng lisensya bilang kapwa-naghahanapbuhay
   D. Wala sa nabanggit

7. Ang mga sumusunod ay mga panukalang makatarungan maliban sa:
   A. "Mata sa mata, ngipin sa ngipin."
   B. "Kunin mo lamang ang kailangan mo."
   C. "Tulungan ang nanghihingi ng tulong."
   D. "Walang sala hanggat hindi napapatunayang nagkasala."

8. Ang mga sumusunod ay tumutukoy sa katarungang panlipunan maliban sa:
   A. Pinatutupad ng pamahalaan
   B. Ukol sa parehong komunidad at sarili
   C. Ideyal lamang at hindi mangyayari talaga
   D. Nararanasan una sa pamilya ang katarungang panlipunan

9. Nagsisimula ang katarungang panlipunan sa:
   A. Diyos
   B. lipunan
   C. pamahalaan
   D. sarili

10. Nakapaloob sa katarungang panlipunan ang mga sumusunod:
   A. baril, kapangyarihan, rehas
   B. batas, konsensya, komunidad
   C. batas, kapwa, sarili
   D. Diyos, batas, lipunan



(This is a Government Property. Not For Sale.)

## Balik-tanaw

**PANUTO:** Basahin ang tanong sa loob ng *hexagon*. Isulat ang sagot sa nakalaan na mga linya.

Ano ang mga palatandaan ng katarungang palipunan

1.______________________

2. ______________________

3.__________________________

4. ________________________

5. ________________________

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Sa unang markahan ay natutunan mo mula sa unang modyul ang layunin ng lipunan--ang kabutihang panlahat. Natutunan mo rin na isa sa mga mahahalagang elemento nito ay ang katarungan panlipunan. Sa modyul na ito, malalaman mo kung paano natin mapagsisikapang makamit ito upang lalong mapagtibay ang moral na pagpapahalaga sa ating lipunan. Bilang kabataan at panlipunang nilalang, mahalagang malaman mo kung paano ba makabubuo at makapagpapanatili ng mga ugnayan na pinamamayanihan ng katarungan.

**Katarungang Panlipunan**

Isa sa mga mahalagang pundasyon sa ating pamumuhay sa lipunan ang pagkakaroon ng katarungan. Ito ay tumutukoy sa pagbibigay ng nararapat sa kapwa. Bilang indibidwal na likas na pinagkalooban ng dignidad, mayroong mga kondisyon tayong kinakailangan na maranasan upang mapangalagaan ang ating dignidad at upang maabot din natin ang ating kaganapan. Masasabi nating mayroong umiiral na katarungan kung ang bawat tao ay nakatatanggap ng nararapat para sa kanya. Ito ang dahilan kung bakit gumagawa ng mga batas ang mga estruktura o institusyon sa ating lipunan—upang matiyak na naibibigay sa tao ang nararapat para sa ikaaayos ng kanyang buhay-panlipunan.

Bagamat iginagawad na ng panlabas na estruktura gaya ng pamahalaan ang nararapat para sa mga tao sa lipunan, mahalaga pa rin na makilala natin ang ating gampanin o responsibilidad sa pagpapanatili ng maayos na ugnayan sa ating lipunan. Nararapat lamang na gamitin natin ang ating lakas sa paggalang sa batas at pagkilala sa karapatan ng ating kapwa upang maging isang makatarungang tao. Ganunpaman, hindi makakamit sa isang iglap lamang ang pagiging makatarungan ng isang indibidwal. Isa itong proseso ng paghubog sa ating pagpapahalaga sa katarungan na siyang nagsisimula sa ating pamilya. Dahil sa paggabay ng ating mga magulang, mga nakatatandang kapatid, o mga sumusubaybay na mga kamag-anak, nalalaman natin ang tama o mali at kasabay nito ang paghubog sa ating konsensiya. Mula sa ating mga karanasan simula pagkabata ay natututunan natin ang angkop na pakikitungo sa ating kapwa at mga kahihinatnan ng ating mga kilos. Buhat ng mga leksyon at pagdidisiplina, natututunan at napahahalagahan natin ang paggalang sa karapatan ng ating kapwa at naisasaalang-alang din ang makabubuti para sa lahat.

Sa paglawak ng ating mga karanasan at ugnayan, mahalagang mapangasiwaan hindi lamang ang pag-iral ng katarungan sa ating ugnayan sa ating kapwa kundi pati na rin sa kalipunan. Ang ating ugnayan sa **kapwa** ay nasa personal o interpersonal na antas, gaya na lamang ng ugnayan sa pagitan ng isang indibidwal at estranghero, at pakikitungo natin sa mga kaibigan. Samantalang ang ating ugnayan sa **kalipunan** ay makikita sa ating pakikitungo sa mga institusyon o sa isang tao dahil sa ating tungkulin sa isang institusyon. Halimbawa nito ang ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral, boss at empleyado, doktor at pasyente, at opisyales ng pamahalaan at kanyang nasasakupan. Sila ay kalipunan dahil may namamagitan na institusyon sa kanilang ugnayan. Magkaiba man ngunit hindi magkahiwalay ang kapwa at kalipunan. Ang kalipunan ay para sa paglilingkod sa kapwa. Kung ganoon, masasabi nating umiiral ang katarungang panlipunan kung walang nagaganap na korapsyon sa mga pampubliko at pribadong institusyon, kinokondena ang anumang uri ng pandaraya, natatanggap ng mga manggagawa ang tamang pasahod at mga benepisyo, at nararanasan ng bawat isa ang tamang pagtrato hindi batay sa kanilang posisyon o katayuan sa buhay ngunit ayon sa kanilang taglay na dignidad. Kung iyong susuriin ang mga ugnayan sa ating lipunan, iyong mapagtatanto ang malaking hamon sa kasalukuyan upang pairalin ang katarungang panlipunan.

**Mga Kaugnay na Pagpapahalaga**

Sa usapin tungkol sa katarungang panlipunan, ang anumang istruktura sa ating lipunan ay nararapat lamang na nabubuo at umiiral para sa kabutihan ng lahat ng tao kaya naman mahalagang maisabuhay ang mga sumusunod na pagpapahalaga:

**1. Pagkilala sa dignidad ng tao**

Ang pag-iral ng katarungang panlipunan ay nakaugat sa pagkilala sa dignidad ng tao. Ang kanyang halaga ay nakakabit na sa kanyang pagkatao buhat ng pagkakalikha sa kanya ng Diyos. Sa puntong ito, dapat na maunawaan mo na ang tuon ng katarungang panlipunan ay sa kabutihan ng mga tao ano pa man ang lahi



(This is a Government Property. Not For Sale.)

na kanyang pinagmulan, panlabas na anyo, estado sa lipunan, o karangalan nakamit sa buhay.

**2. Pagpapahalaga sa katotohahan**

Lingid na sa ating kaalaman na sa ating ginagawang mga pasya at kilos ay mayroong maapektuhan na ibang mga tao kaya naman kinakailangang tingnan ang kabuuan ng isang sitwasyon. Mahalagang makapagnilay ka at makipagdayalogo sa iba pang sangkot sa sitwasyon upang makagawa ng pasya o kilos na makapagdudulot ng kabutihan sa kapwa.

**3. Diwa ng pagmamahal**

Ang positibong paglapit ng tao upang samahan at suportahan ang kanyang kapwa tungo sa pagpapaunlad ng kanyang potensiyal ay higit pa sa simpleng pag-iwas na makasakit o makapinsala sa kanya. Bagamat mahalaga ang pagsunod sa batas at pagkilala sa karapatan ng iba, maaaring mauwi sa *blind obedience* o legalismo ang pagtugon sa tawag ng katarungan kung ang isang indibidwal ay hindi ginagabayan ng diwa ng pagmamahal.

*(Hango sa Modyul 9 ng Edukasyon sa Pagpapakatao 9)*

# Gawain

**Gawain 1**

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong sa bawat kolumn. Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba.

| Ano nag Palatandaan ng Pagiging Makatarungang Tao na Kailangan Kong Taglayin? | Ano ang Paraan o Hakbang na Gagawin Ko sa Pagsasakatuparan ng Bawat Palatandaan | Ano ang kaugnayan na Pagpapahalagang Mahuhubog sa Aking Sarili? |
|---|---|---|
| **Halimbawa:** Isinasaalang-alang ko ang mga karapatan ng mga tao sa aking paligid. | Hinihinaan ko ang *volume* ng aming *speaker* tuwing pinapatugtog ko ito upang hindi makaistorbo sa aming kapitbahay lalo na sa mga estudyanteng may *online class.* | Paggalang sa kapwa |
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |

*(Hango sa Modyul 9 ng Edukasyon sa Pagpapakatao 9)*

**Gawain 2**



(This is a Government Property. Not For Sale.)

**Panuto:** Matapos mog suriin ang iyong sarili mula na naunang gawain, sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Bakit mahalaga na maunawaan natin ang kahalagahan ng pagiging makatarungan sa lahat ng oras?

   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

2. Paano makatutulong ang pagkakaroon ng katarungang panlipunan sa iyong pag-abot ng pansariling kaganapan?

   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

## Tandaan

Ang kabataang tulad mo ay may taglay na kasanayan at kakayahan upang maging kabalikat ng bawat institusyon sa pagsulong ng katarungang panlipunan. Sa pamamagitan ng iyong pagkilala sa pananagutan mong ibigay ang nararapat sa iyong kapwa, matutugunan mo ang hamon sa pagpapairal ng katarungan sa lipunang iyong kinabibilangan. Ikaw ay magiging instrumento sa pag-abot ng kapayapaan dahil iyong iginagalang ang karapatan ng kapwa at sinusunod mo ang mga batas na umiiral. Sa iyong pagsasabuhay ng mga kaugnay na pagpapahalaga, lalo pang lumalalim ang iyong malasakit sa kapwa na siyang magbibigay-daan sa ating henerasyon upang tunay na makamit ang katarungang panlipunan.

# Pag-alam sa mga Natutunan

**Gawain 1**
**Panuto:** Tayahin ang iyong pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na nasa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang katarungan?
2. Saan unang nagsisimulang matutunan ng isang indibidwal ang konsepto ng katarungan? Patunayan.
3. Paano magiging makatarungan ang isang tao? Ipaliwanag.
4. Ano ang katarungang panlipunan? Ipaliwanag.
5. Talakayin isa-isa ang mga pagpapahalaga na may kaugnayan sa katarungang panlipunan.



(This is a Government Property. Not For Sale.)

**Gawain 2**
**Panuto:** Ang pagtugon sa pangangailangan ng kapuwa ay isa sa mga paraan para maipakita ang katarungang panlipunan. Punan ng mga hinihinging impormasyon ang *matrix* sa ibaba bilang bahagi na pagpaplano sa gagawin na proyekto.

<table>
<tr><td>Pangalan ng Proyekto</td><td colspan="3"></td></tr>
<tr><td>Mga Layunin ng Proyekto</td><td colspan="3"></td></tr>
<tr><td>Kailan gaganapin</td><td></td><td>Saan gaganapin</td><td></td></tr>
<tr><td>Sino o anong grupo ang makakatulong sa gawain</td><td>Sino o anong grupo ang bibigyan ng tulong</td><td>Mga pangangailangan na gagamitin</td><td>Mga tulong na ibibigay</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Mga estratehiya na paghahanda at pagsasagawa ng proyekto</td><td colspan="3"></td></tr>
</table>

## Pangwakas na Pagsusulit

***Panuto:*** Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Bakit kailangan ng mga batas?
   A. Upang parusahan ang mga nagkakamali
   B. Upang matakot ang mga tao at magtino sila
   C. Upang magabayan ang mga tao sa tamang pagkilos
   D. Lahat ng nabanggit

2. Nagsisimula ang katarungang panlipunan sa:
   A. Diyos     C. pamahalaan
   B. lipunan     D. sarili



(This is a Government Property. Not For Sale.)

3. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng katarungan?
   A. Paglabag sa *curfew*
   B. Pagsali sa *mass gathering*
   C. Pagsang-ayon sa mga *fixer* ng lisensya bilang kapwa-naghahanapbuhay
   D. Wala sa nabanggit.

4. Sino ang may tungkuling ipatupad ang batas?
   A. Pulis
   B. Pamahalaan
   C. Mamamayan
   D. Lahat ng nabanggit

5. Nakapaloob sa katarungang panlipunan ang mga sumusunod:
   A. baril, kapangyarihan, rehas
   B. batas, konsensya, komunidad
   C. batas, kapwa, sarili
   D. Diyos, batas, lipunan

6. Ang mga sumusunod ay mga panukalang makatarungan maliban sa:
   A. "Mata sa mata, ngipin sa ngipin."
   B. "Kunin mo lamang ang kailangan mo."
   C. "Tulungan ang nanghihingi ng tulong."
   D. "Walang sala hanggat hindi napapatunayang nagkasala."

7. Ang mga sumusunod ay tumutukoy sa katarungang panlipunan maliban sa:
   A. Pinatutupad ng pamahala
   B. Ukol sa parehong komunidad at sarili
   C. Ideyal lamang at hindi mangyayari talaga
   D. Nararanasan una sa pamilya ang katarungang panlipunan

8.Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng katarungan?
   A. Pagtrato sa tao bilang kapwa
   B. Paggalang sa sarili
   C. Pagsunod sa batas
   D. Lahat ng nabanggit



(This is a Government Property. Not For Sale.)

9. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita na umiiral ang katarungan?

    A. Pagbigay ng tamang halaga ng *Social Amelioration Program* (SAP)
    B. Sobrang pagtaas ng presyo ng *facemask*
    C. Paglabas ng edad 15 pababa sa panahon ng *General Community Quarantine* (GCQ)
    D. Maling pagbibigay ng impormasyon sa pagsagot sa *contract tracing form*

10. Ano ang tamang pagpapatupad sa katarungan?

    A. Tumawid sa tamang tawiran
    B. Parusahan ang lumabag sa batas
    C. Patawarin ang humingi ng tawad
    D. Pagbigay ng tamang sukli sa mamimili

**Sanggunian**

Gayola, S. T., Bontia, M. Y., Rivera, S. M., Celeste, E. G., Leano, M. R., Yumul, B. O., Guevarra, G. A. (2015). Modyul 9: Katarungang Panlipunan. Edukasyon sa Pagpapakatao – Ika-siyam na Baitang (Unang Edisyon ed., pp. 129-146). Kagawaran ng Edukasyon.

**Susi sa Pagwawasto**

| Paunang Pagtataya | |
|---|---|
| 1. | A |
| 2. | B |
| 3. | D |
| 4. | C |
| 5. | A |
| 6. | D |
| 7. | A |
| 8. | C |
| 9. | D |
| 10. | C |

| Pangwakas na Pagtataya | |
|---|---|
| 1. | C |
| 2. | D |
| 3. | D |
| 4. | D |
| 5. | C |
| 6. | A |
| 7. | C |
| 8. | D |
| 9. | A |
| 10. | B |



(This is a Government Property. Not For Sale.)